# Ano Ang Dapat Mong Malaman Pagsusuri Muli Ng Iyong Kapansanan

Kung tumatanggap ka ng mga may kapansanang benepisyo sa Social Security o Supplemental Security Income (SSI) (Karagdagang Kitang Pangseguridad), ang iyong medikal na kondisyon ay paminsan-minsang masusuri upang siguraduhin na patuloy ka pa ring may kapansanan.

Karaniwan, kung ang iyong kalusugan ay hindi bumuti, o kung ang iyong kapansanan ay naka-kapigil sa iyo para magtrabaho, patuloy ka pa ring maka-katanggap ng iyong mga benepisyo.

Ang paraan ng pagsusuri ay binalak upang bigyan ka ng lahat ng pagkakataong ipakita na ikaw ay mayroon pa ring kapansanan at upang siguraduhin na ang iyong mga benepisyo ay hindi tamang naihinto. Ang lahat ng katunayan tungkol sa iyong kondisyon ay lubos na pahahalagahan. Kung ikaw ay mayroong higit pa sa isang may kapansanang kalagayan, pag-iisipan namin ang pinagsamang resulta ng lahat ng mga kapinsalaang ito sa kakayahan mong makapagtrabaho.

Ang mga sumusunod ay ilan sa pinakamadalas na itinatanong tungkol sa mga pagsusuri sa kapansanan ng Social Security. Kung mayroon kang mga iba pa, makipag-alam sa tanggapan ng iyong Social Security.

## Gaano kadalas ang pagsu-suri ng aking medikal na kondisyon?

Ang kadalasan ng mga pagsu-suri ay depende sa katangian at kalubhaan ng iyong medikal na kondisyon at kung inaasahang ito ay bubuti na.

- Kung inaasahan ang pagbuti, ang unang pagsusuri ay karaniwang anim hanggang 18 buwan matapos ang petsa kung kailan ka nagkaroon ng kapansanan.
- Kung posible ang pagbuti, ngunit hindi mahuhulaan kung kailan, ang kaso mo ay susuriin ng isang beses bawat ika-tatlong taon.
- Kung hindi inaasahan ang pagbuti, ang iyong kaso ay masusuri ng isang beses bawat ika-pitong taon.

## Paanong ipagbibigay-alam sa akin ang pagsusuri?

Kapag nagpasiya kami na kailangan mo ang lubos na pagsusuring medikal, padadalhan ka namin ng sulat na nagsasabing pumunta ka sa tanggapan ng Social Security.

## Ano ang nangyayari habang nagsusuri?

Sa pagsusuri, tatanungin namin kung papaanong nagkakabisa ang iyong medikal na kondisyon at kung ito ay bumubuti na. Sasabihin naming dalhin mo ang mga pangalan, address at numero ng telepono ng iyong mga doktor at paki-dalhin na rin ang mga numero ng iyong talaan sa pagiging pasyente para sa saan mang ospital at ibang pang mga pinanggalingang medikal na gumamot sa iyo mula pa nuong huling paki-kipag alam mo sa amin. Kung ikaw ay nagtrabaho magmula ng mag-apply ka para sa mga benepisyo sa may kapansanan o simula nuong huling pagsusuri sa iyo, kailangan din namin ng impormasyon tungkol sa mga petsang iyong ipinagtrabaho, ang bayad na tinanggap mo at kung anong uri ng trabaho ang ginawa mo.

## Sino ang gagawa ng pagpa-pasiya sa kapansanan?

Ipapadala namin ang iyong kaso sa Disability Determination Services (Mga Serbisyo Ng Pagpapasiya tungkol sa Kapansanan) sa iyong state. Ang ahensiyang iyon ang nagpapasiya para sa Social Security tungkol sa kapansanan. Ang sinanay na tagasuri sa kapansanan ang hihiling ng mga medikal mong ulat na galing sa mga doktor mo at mula sa mga ibat ibang lugar na pinuntahan mo para magpagamot. Ang sino mang tambalan ng tagasuri at medikal na tagapayo na magkasamang nagta-trabaho, ay maingat na susuriin ang lahat ng impormasyong natanggap para sa iyong kaso at pagkatapos ay magbibigay ng pagpapasiya.

## Paano sila gagawa ng kapasiyahan?

Sa karamihan ng mga kaso, ang kapasyahan ay ibabatay sa impormasyong nagmula sa iyong mga doktor, ospital o mga iba pang pinang-galingang medikal. Ngunit kung ang medikal na katunayang ito ay kulang o hindi pangkasalukuyan, maaari kang hilinging sumailalim sa hindi karaniwang na pagsusuri ng wala kang gastos. Sa sulat ipagbibigay-alam sa iyo ang petsa, oras at lugar.

(kabila)

## Papaano kung hindi ko sinang-ayunan ang pagpapasiya?

Maaari kang mag-appeal kung hindi ka sumasang-yon sa kapasyahan. Ito ay nanga-ngahulugang maaari mo kaming hilinging tingnan muli ang iyong kaso upang malaman kung ang aming kapasyahan ay tama. Mayroong apat na hakbang ng appeal, at karaniwan ay mayroon kang anim na pung 60 araw upang mag-appeal magmula sa isang hakbang at sa susunod pang iba. Ang mga apat na hakbang ay:

- **Reconsideration (muling pagsa-saalang-alang)**—Ang iyong kaso ay malayang sinusuring muli ng mga taong hindi bahagi ng orihinal na kapasyahan. Maaari kang magpakita sa isang opisyal ng pandinig sa kapansanan na siyang magpapasiya ng appeal mo.
- **Pagdinig—**Kung hindi ka sumasang-ayon sa kapasyahan ng reconsideration, maaari kang humiling ng isang pagdinig sa harap ng isang huwes na batas ng pampangasiwaan.
- **Appeals Council—**Kung hindi ka pa rin sumasang-ayon sa kapasyahan ng huwes na batas ng pampangasiwaan, maaari ka namang humiling na suriin ang naging kapasyahan na isasagawa naman ng Appeals Council.
- **Federal na hukuman—**Kung hindi ka sumang-ayon sa pagpapasiya ng Appeals Council, o kung pinagpasiyahan ng Appeals Council na hindi na muli papasyahan ang iyong kaso, maaari kang magsampa ng demanda sa hukumang Federal.

## Sa ilalim ng anong mga kalagayan ihihinto ang mga benepisyo ko?

Karaniwang humihinto lamang ang mga kitang benepisyo kung ipinapakita ng katunayan na ang iyong medikal na pagpapasiya ay mabuti na at maaari ka ng magtrabaho ng regular basis. Hanggang hindi bumubuti ang iyong kalagayan at hindi ka makapagtrabaho, ang mga benepisyong kita mo ay hindi hihinto.

## Paano kung sinubukan kong mag-trabaho?

Ang Social Security ay mayroong ilang mga espesyal na alituntunin na makakatulong kung gusto mong magtrabaho.

Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo sa Social Security para sa may kapansanan, maaari kang magkaroon ng kahit gaano kalaking kinikita sa panahon ng pagsubok ng pagtatrabaho na hanggang sa siyam na buwan (hindi kinakailangang sunud-sunod) at ang benepisyong tatanggapin mo ay buo pa rin.



Pinahihintulutan ng ibang mga alituntunin na magpatuloy ang mga kitang benepisyo at Medicare habang sinusubukan mong magtrabaho ng regular basis.

Kung tumatanggap ka sa SSI ng mga bayad para sa may kapansanan, maaaring magpatuloy ang iyong pagtanggap ng mga buwanang pagbabayad habang nagtratrabaho ka basta ba ang iyong kinikita at mga pag-aaring yaman mo ay nasa ilalim pa rin ng mga takdang hangganan. Kung ang iyong mga kitang kabayaran ay huminto dahil ang iyong kabuuang kinita ay mahigit pa sa mga hangganan ng SSI, May karapatan ka pa rin para sa Medicaid.

Mayroon kaming mga ibang programa na makakatulong sa iyo sa mga gastusin sa trabaho, training at rehabilitation. Magtanong sa tanggapan ng iyong Social Security para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga espesyal na alituntunin para sa mga taong may kapansanan na ninanais magtrabaho.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10068-TL
What You Need To Know
Reviewing Your Disability (Tagalog)
January 2005